# May tatlong hindi kakausap sa kanila si Allāh sa Araw ng Pagbangon, hindi Siya magpapabusilak sa kanila, at ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa

Ayon kay Salmān Al-Fārisīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "May tatlong hindi kakausap sa kanila si Allāh sa Araw ng Pagbangon, hindi Siya magpapabusilak sa kanila, at ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa: isang ubaning nangangalunya, isang naghihikahos na nagmamalaki, at isang lalaking gumawa kay Allāh bilang paninda niya sapagkat hindi siya bumibili malibang may panunumpa niya at hindi siya nagtitinda malibang may panunumpa niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Aṭ-Ṭabrānīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa tatlong uri ng mga tao, na mga karapat-dapat sa parusa ni Allāh sa Araw ng Pagbangon sa pamamagitan ng tatlong kaparusahan, kung hindi sila nagbalik-loob o hindi napatawad para sa kanila ang parusa: Ang Una: Hindi kakausap sa kanila si Allāh sa Araw ng Pagbangon dahil sa tindi ng galit Niya, bagkus aayaw Siya sa kanila o kakausap Siya sa kanila sa isang usapang hindi magpapagalak sa kanila at magpapatunay sa pagkainis Niya sa kanila. Ang Ikalawa: Hindi Siya magpapabusilak sa kanila at hindi Siya magdadalisay sa kanila mula sa mga pagkakasala. Ang Ikatlo: Ukol sa kanila ay isang nakasasakit na matinding pagdurusa sa Kabilang-buhay. Ang mga uring ito ay ang sumusunod: Ang Unang Uri: matandang lalaki na nasasadlak sa kahalayan ng pangangalunya. Ang Ikalawang Uri: Ang maralitang walang yaman at sa kabila niyon siya ay nagpapakamalaki sa mga tao. Ang Ikatlong Uri: Ang sinumang nagpapakarami sa panunumpa kay Allāh sa pagtitinda at pagbili kaya nakahahamak sa ngalan ni Allāh at gumagawa rito bilang isang kaparaanan sa pagkita ng salapi.